# *Subok Na Ng Panahong Mga Bantayog Ng Diyos*

At ating tutugaygayin nga iyon, sa buong Biblia, kung papaanong pinag-aralan natin ang Aklat ng Apocalipsis, at ang Aklat ng Exodo at Genesis. At ngayon ngang nakauwi na ako mangangaso ako ng squirrel. Yan pong totoo. Yan lang naman ang naiisip kong dahilan, siyanga. At, Kapatid na Roy, kailan punta mo? [Sumagot si Kapatid na Roy, "Bukas."—Pat.] Bukas. Sige. Kaya naman talagang nanabik kaming makauwi tuwing sasapit ang bahaging ito ng taon, para, kami'y, makapahinga.

2 Nabawasan ako ng dalawampung libra mula noong huli tayong magkita. Tumungtong ako sa timbangan, nung lumuwas ako mula sa pagtitipon dito, tumitimbang ako noon ng sandaan at animnapu't lima; at nang pagbalik ko, tumitimbang na lang ako ng sandaan at apatnapu't lima. Kaya nga, pakiramdam ko tuloy nalalaglag ang damit ko. At 'yan na nga, malaki-laki rin talaga ang nabawas sa timbang ko.

3 At may binibini, kanina, diyan sa labas, nakatutuwang kapatid na babae, sabi niya, "Kapatid na Branham, idalangin mong mabawasan din timbang ko, ganyan din." [Tumatawa si Kapatid na Branham—Pat.]

4 At medyo may kabigatan nga siya, kaya naman nasabi ko, "Halika, subukan mo, mangaral nang todo." Kasi nga naman, 'yan lang ang nalalaman kong paraan, siguradong tanggal ang kabigatang 'yan. Di bale, di magtatagal at matatapos na tayo sa mga paghihirap at mga pagsubok.

5 Naiisip ko tuloy ang tungkol sa pagtanda. Alam n'yo po, dalawang taon na lang, magsisingkuwenta na ako. Whew! Naalala ko noong maghulog ng kaloob si Frankie Weber. Nasa mga dalawang taon lang ang tanda niya sa akin. Naghulog siya noong araw ng beinte singko para sa kaloob niya sa kanyang kaarawan, dito. At napadilat ako, at napaisip, "Hindi nga, si Frankie Weber, beinte singko anyos, sangkapat ng sandaan 'yun!" Pero kalahati na 'yan ngayon. Sadyang kaybilis talaga ng panahon, hindi po ba? Ganyan po talaga.

6 Hindi na po tayo magpapakatagal. Kaninang umaga, nang ipangaral ng minamahal nating kapatid ang napakagandang mensaheng iyon, sigurado akong nasiyahan tayong lahat dahil dun. At mangyaring may sumagi sa isip ko noong nangangaral siya, kanina, at naisip ko, "Bibigyan ako marahil ng Panginoon ng isang Kasulatan para roon." Ipinabasa ko sa kapatid ang ilan nito ngayong gabi mula sa pinagpalang Salita ng Diyos. At

ngayon ako'y. . .mangungusap lang tayo nang ilang minuto, at pagkatapos ipananalangin na natin ang mga maysakit, gaya ng lagi nating ginagawa.

7 At sa Miyerkules ng gabi, itong darating na Miyerkules ng gabi, kung ipahihintulot ng Panginoon, gusto kong simulan na ang Aklat ng Mga Hebreo, kung ayos lang. Ito ngang Aklat ng Mga Hebreo, bilang aralin. At pagkatapos, marahil, sa Linggo ng umaga o sa Linggo ng gabi, ipagpapatuloy iyon. Pagkatapos sa susunod na Miyerkules ng gabi, marahil ay tatalakaying muli iyon, patuloy lang na tutugaygayin iyon, sa Kasulatan.

8 At may ilang mga bagay akong napansin sa iglesya, sa aking pag-iikot, na sa palagay ko'y dapat na maituro pa nang kaunti, alam n'yo, mga bagay na tila ba medyo humihina na. At sa palagay ko'y mapaiigting natin 'yan sa pagtalakay sa Mga Hebreo. Ito'y isa ngang—isa ngang napakainam na kabanata, napakagandang basa-basahin talaga. Kaya naman, Kapatid na Neville. . .akin sanang. . .May sumagi sa isip ko, ngayon lang.

9 At nakabuklat nga ako rito sa Bagong Tipan, at ito ngayon ang gamit ko isang Collins Bible, na di hamak na mas malalaki ang letra. Ako nga'y. . .At ako nga'y halos magsisingkuwenta na, kinakailangan ko nang ilayo nang husto ang binabasa, para mabasa 'yung mga napakaliliit na mga letra; malabo pa naman ang ilaw, kaya ganun. At kapag lumalabas naman ako sa sikat ng araw ay maayos pa rin naman akong nakapagbabasa. Pero kung malabo ang ilaw, kinakailangan ko na talagang ilayo ang binabasa ko. At sabi nga sa akin ng doktor na malapit-lapit na rin talaga akong gumamit ng salaming pambasa.

Kaya nga't tinanong ko siya, "Malabo na po ba ang mga mata ko?"

10 At sinuri niya ang mga ito. Sabi, "Hindi naman. Ten-ten, napakainam nga n'yan. Ang twenty-twenty ay normal, at—at ang fifteen-fifteen ay mainam din naman. Ang ten-ten, naman, 'yun din lang kasi ang nababasa niya. Kaya nababasa ko pa rin kahit saan niya ilayo, basta sa ganoong distansya. May inilabas siya, at sinimulan kong basahin iyon. Habang papalapit siya nang papalapit, pabagal naman ako nang pabagal. Huminto ako noong nasa mga *ganito* na lang kalapit. Sabi niya, "Oo, nga naman, lampas ka na kasi ng kuwarenta."

At sabi ko, "Oo nga."

11 Sabi niya, "Buweno, talagang ganoon, iimpis ang bola ng mga mata mo." Dagdag niya, "Pero, kung mabubuhay ka ng isang matiwasay, at mahaba-habang buhay, magkakaroon ka uli ng pangalawang paningin, ganoon na nga. Makapagbabasa ka na naman muli gaya ng dati."

12 Pero, alam n'yo, naisip ko lang, hindi na ganoong katagal 'yun, malapit na. Sandaling panahon na lang. Kapatid na Tony, masama ba 'yun, palagay mo? [Sumagot si Kapatid

na Tony, "Hindi."—Pat.] Hindi, hindi nga ito masama. Ito'y isang pinagpalang bagay. Tumatanda man ako, sa isang panig, bumabata naman ako sa kabilang panig, dahil papunta na ako roon sa isang batang-bata't, walang kamatayang, pinagpalang katawan, kung saan, kapatid, wala nang magiging anumang suliranin Doon. At sadyang nabubuhay ako para sa panahong iyan. Napakainam nga niyan.

13 Ngayon, bago ko basahin ang panghuling pagtatapos na teksto, isang pagdulog lamang sa Kanya habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

14 Naniniwala po kami, Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na hangad Mong maging masaya ang Iyong mga anak. Hindi nararapat para sa amin ang nakakunot ang mga noo at nalulumbay, sapagkat nasusulat, na, "Ang masayang puso ay mabuting kagamutan." At sadyang gusto naming magtamasa ng Iyong mga pagpapala at magkaroon nitong napakadakilang pagsasama-sama. At habang kami po . . .

15 Bilang mga nananampalataya sa Iyong Salita, nagsasama-sama kami sa palibot ng Salita. Iyon ang dahilan ng pagparito namin, hindi lamang basta makinig sa isang Mensahe, bagkus sumamba at makasama Ka, sa pamamagitan ng pagbabasa at pangangaral ng Salita. Ngayon po, Panginoon, alam kong hindi Mo kami bibiguin. Natitiyak ko pong pagpapalain Mo kami sa mga oras na ito.

16 Pagpalain Mo po ang aming magiting at mabait na pastor, Panginoon. Dalangin naming kasamahin Mo po siya. Napansin ko nga po kanina sa kanya, sa kanyang pangangaral, nakita kong napangiti siya nung awitin niya ang awiting iyon, "Di magtatagal at matatapos na ako sa mga paghihirap at mga pagsubok." At maging ang aming mga kapatid na babae, kung papaanong inawit nila iyon sa mga silungan sa kakahuyan at sa mga camp meeting. At tunay ngang matatapos na talaga, isa sa mga araw na ito, at kami'y paroroon na sa maluwalhating Kapahingahang iyon.

17 Ngayon po, Ama, pagpalain Mo po kami habang aming binabasa ang Iyong Salita, at maging sa pagkabasa Nito, at maging sa pananariwa ng aming mga isipan at mga puso. At mangusap Ka po sa amin, ngayong gabi. Na sa pagtatapos ng gawain, at kami'y pauwi na sa aming mga bahay, masabi nawa naming, "Hindi ba't nag-alab ang ating mga puso sa loob natin habang nangungusap Siya sa atin sa daan?" Sapagkat hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

18 Ngayong nabiyayaan na tayo ng tunay ngang kay inam na mensaheng pang-ebanghelyo na narinig natin kaninang umaga, heto't pinagbubulay-bulayan ko, na, alam n'yo, nangusap si Kapatid na Neville patungkol sa sobrang pagpapakain sa mga bata. Na, nagagawa ninyo marahil. Pero ngayon, sa gabing ito,

maiksi lamang ang pananalita natin para sa iglesya. Ito ay pananalita nga para sa iglesya. At gusto kong basahin ang… isa pang bahagi ng Kasulatan, sa Bagong Tipan, Mateo sa ika-24 na kabanata, at sa ika-35 talata, sinasalita ito ni Jesus.

> *Ang* kalangitan *at lupa ay lilipas, datapuwa't ang aking mga salita ay hindi lilipas.*

19 Ang paksa ko ngayong gabi ay ang—ang mga bantayog: *Subok Na Ng Panahong Mga Bantayog Ng Diyos.*

20 At may ilan akong mga pabatid. Palagay ko'y naihanda ko naman 'to, para sa…at may ilan nga ako ritong…tungkol sa pagtitipon na sisimulan sa Mga Hebreo, ang unang kabanata, Miyerkules ng gabi, kung loloobin ng Panginoon. Ang dahilan kung bakit kailangan ko pang banggitin, ito, dahil nga, sa mga pagtitipon ko; maaaring nasa isang lugar ako, at tatawagin Niya ako sa ibang dako. At sadyang kinakailangan kong pumunta kung saan Siya tatawag, alam n'yo 'yan.

21 Iyon ang dahilan kung bakit hindi ako maaaring maging katulad ni Kapatid na Oral Roberts at maging katulad ng mga mangangaral na nakatakda na ang kanilang mga pagtitipon ng dalawa o tatlong taon bago pa man, at, "Paroroon kami," at maging katulad nga nitong mga naturang kalalakihan na may malalaki't matitibay na pananampalataya rin naman. Sila—sila—sila'y may sariling mensahe.

22 Subalit ang Mensahe ko ay sadyang kahit saan ako isugo ng Diyos, maging ito man ay sa dako rito, doon, saan man 'yan. Kinakailangan kong magpunta kung kailan lamang Siya magsusugo. At ito nga'y dalawang magkaibang ministeryo; pero, iisang Diyos, ang siya rin mismong Diyos.

23 Iniisip-isip ko ito, kahapon, sa pakikipag-usap ko sa isang lalaking kapitbahay. Ang sabi niya kasi, "Alam mo, itong nakatutuwang pastor na ito," sabi niya, "isa siyang kahanga-hangang lalaki." Sabi, "Nakaupo kami ng maybahay ko at nakapantulog na noon," at sabi, "mga alas onse na ng gabi 'yun, at dumalaw 'yung pastor at kumatok sa pinto namin. Sabi nung pastor, 'Bumibisita lang po ako para makisalo sana sa inyong uminom ng kape.'" Nasusundan n'yo ba? Tapos sabi, "Tumawid na 'yung pastor ng kalsada, papunta naman sa isa pang kapitbahay, at nakahanda na nga sana ring matulog 'yung kapitbahay, at doon nama'y nakikain 'yung pastor ng biskuwit. At kaya naman…" At may nabanggit 'yung kausap ko na ganito, "Siya'y—siya'y mayroong isang maliit na Bible school para sa mga bata, at napakarami nilang maliliit na bata roon, 'yung pastor at ang kanyang maybahay, hanggang sa kinailangan na nilang magtayo ng mga tolda sa labas, para mabigyang-lugar ang mga bata."

24 At pagkatapos isip-isipin nun, napaisip ako, "Alam n'yo, tama nga naman. Isa, isa nga siyang—isa nga siyang kamangha-

mangha't nakatutuwang lalaki." Sa pagkakaalam ko, si Kapatid na Fleeman natin, ang anak niyang lalaki'y dumadalo sa pagkakaalam ko. . . Sa simbahan dito ng Faith Lutheran, isang kahanga-hangang lalaki pati ang kanyang maybahay, gumaganap sila ng isang dakilang gawain para sa Panginoon. At napaisip nga ako. Hinuhugasan ko noon ang kotse ko, at para ba akong—akong napanghinaan ng loob. Naisip ko, "Bakit kaya hindi ko magawa ang ganoon, bakit nga ba, mag-ikot-ikot, hikayatin ang lahat ng mga bata, na sundan ako saanman? Mahilig ako sa mga bata. At bakit kaya hindi ko magawang magbahay-bahay, dadayo rito 'tas lipat naman sa isa pa, gaya nun?"

25 At may Isang bigla na lamang nagsalita sa akin, "Hindi ka kasi tinawag para roon. Ginagawa lamang ng lalaking 'yan kung ano ang tagubilin sa kanya ng Diyos."

26 Subalit kailangan natin ng isang taong tatayo rito, na gaya ni Oral Roberts at ng iba pa, isang Josue na may hawak na tabak, may isang Mensahe ng pananampalataya at pagliligtas. At, oo nga naman, kinakailangan nating magkaroon ng mga taong gaya nila na maaaring nagtataglay ng. . . ganoong katangian, at ang isa nama'y nagtataglay ng *ganito*, na kapag pinaglakip-lakip ay makabubuo ng isang malaking katawan. Iyan nga ang Iglesya ng Diyos.

27 Nakikipag-usap ako kani-kanina lang sa isang kabataang babaing, pinanghihinaan ng loob at bagbag ang puso. At sinisikap kong ipaunawa sa kanya ang tungkol sa kung papaano na—na ang isang babae at ang isang lalaki ay hindi hiwalay, sila ay iisang katauhan. Gumawa ang tao. . . o ginawa ng Diyos ang tao, kapuwa lalaki at babae; iisang katauhan. Ganyan nga. At pinaghiwalay Niya sila sa laman at ginawa silang magkaiba, subalit pinagbuklod na sila at kanila nang itinataguyod ang kanilang mga anak, bilang isa. Heto nga't ang lalaki, matipuno at kisig-marino, at ang babae nama'y ang—ang—ang pagsintang bahagi ng lalaki. Kaya nga't, sila ngayo'y magkasama. Hayan nga't. . . pinaghiwalay sila noon ng Diyos. Subalit silang dalawa ang siya ring mismong tao, m-a-n. Ang babae ay tinatawag na wo-man, ganoon nga, 'pagkat kinuha ang babae mula sa lalaki. Bahagi ng lalaki ang babae. Subalit sa—sa buhay rito, sa laman, pinaghiwalay sila. Sa espiritu, sila nama'y iisa.

28 At nabanggit ko nga rin ang tungkol sa mga kalalakihang nawawalan na ng pagsinta para sa kanilang asawa, at hindi na sila iniibig gaya noong magkasintahan pa sila. Mahiya naman kayo. Dapat ninyo silang mahalin. Siya pa rin sa tuwina ang iyong kasintahan. Hindi kailanman mapasusubalian. Iyan ang bahaging ginagampanan ng babae. At kailangan ninyo siyang bigyang-halaga gaya nga nito. Oh, huwag ninyong hahayaang magwakas ang munting pulot-gata ninyo, sapagkat hindi 'yun

talaga magwawakas, sa Langit. Sadyang magiging ganap na ang lahat ng mga bagay, sa dako Roon. Siyanga. Kaya lahat . . .

29 Buweno, hindi ba't dapat magsabi ng "amen" ang mga kababaihan sa bagay na 'to. Huwag na huwag kong kailanman—kailanman maririnig na, "Palagi n'yong binubulyawan ang mga kababaihan, at ganyan lagi ang tono ng pananalita n'yo." Kapatid na babaing Hickerson, bakit mukhang tahimik lang kayo riyan? Yung mga nariyan sa may likuran, anong masasabi n'yo. Masasabi n'yo bang . . . [Sinasabi ni Kapatid na babaing Cox, "Amen."—Pat.] Salamat, Kapatid na babaing Cox. Napakainam nga kapag ganyan. Kapatid na lalaking Cox, para sa iyo 'yun, saan ka man naroon ngayon. Buweno. Tama, po.

30 At nararapat ngang huwag nating kalilimutang igalang ang isa't isa. Manatili kayong magkasintahan sa tuwina. Huwag ninyong hayaan 'yang magwakas.

31 Isang lalaking Katoliko ang dumulog sa akin, nito-nito lang. Nakikipaghiwalay na kasi ang kanyang misis. Sabi niya, "Billy, ayaw ko sanang lumapit sa'yo; isa kasi akong Katoliko, at isa ka namang Protestante." Sabi, "Hindi na ako pinatitira ng pari sa bahay namin, kani-kanina lang."

At sabi ko, "Ano bang nangyari, Ham?"

32 Sabi niya, "Buweno, sabi nung pari." Sabi kasi, "Umiinom daw ako nang kaunti," at sabi pa, "sa gabi raw, babad naman ako sa kakatrabaho." Sabi tuloy, "Iniisip ng misis kong dapat sana'y umuuwi ako gabi-gabi para mahagkan siya, at mayakap siya, at makasuyo siya na para bang nagbabalak pa lang kaming magpakasal." Pangangatuwiran nung lalaki, "Matagal na kaya kaming kasal at may ilan na ngang mga anak."At sabi pa, "Hindi ba, ayos lang 'yun."

33 Sabi ko, "Whoop, sandali lang, iho. Mali ka. Mali ka. Dapat na ganoon pa rin kayo gaya noong bago pa kayo ikinasal. Kita mo? Lagi mo 'tong pakatandaan." Sabi ko, "Kuwarenta anyos na si misis mo ngayon, at ito pa naman ang panahong talagang kailangang-kailangan niya ang iyong atensyon."

34 Kaya, nagkaroon na tuloy sila ng pagsasampa ng diborsyo. At sabi niya, "Hindi ko na alam ang gagawin ko."

35 Sabi ko, "Sige lang, tawagan mo siya. Kung bibisita kasi ako sa kanya, bilang Protestante, hindi niya ako tatanggapin. Pero ako'y . . . Kita mo?"

Sabi niya, "Oh, ikatutuwa ka kaya niya."

36 Pero sabi ko, "Gayunpaman, tawagan mo na lang siya, sabihin mong nagbago na ang pasya mo."

37 At kaya noong sumunod na araw, tinawagan ko ang hukom at kinausap siya. At sinabi ko naman dito sa lalaki, sabi ko, "Doon mismo ako mauupo sa ibabang palapag kung saan

kayo kakausapin ng hukom. Ipananalangin kita. Huwag mong ipaalam ito sa misis mo."

"Sige."

38 Kaya naman, naroon nga ako, nananalangin. Pagkaraan ng ilang sandali nakarinig na ako ng ilang mahihinang yabag na pababa ng hagdan, at heto na nga sila, magka-akbay na sa isa't isa, talagang todo ngiti, alam n'yo na. Sabi niya . . . sabi ko, "Buweno, kamusta kayo, riyan!"

39 At sabi niya, "Kapatid na Branham, matagal-tagal na rin mula noong huli tayong magkita!" Oo nga naman, tatlumpung minuto, kita n'yo. "Matagal-tagal na rin buhat noong huli kitang makita!"

40 At sabi nung babae, "Naku, Rev. Branham, matagal na kitang hindi nakikita! Nagagalak akong makita kang muli!"

41 Sabi ko, "Salamat. O," sabi ko, "parang magkasintahan pa lang kayo ah."

"Oh," sabi, "ganito lang talaga kami. Hindi ba, honey?"

Sabi nung babae, "Oo, naman, mahal." At sabi ko . . .

Sabi pala nung babae, "Pumunta ka't dumalaw ka sa amin minsan, Reverend."

42 At sabi ko, "Salamat, nang marami." Sabi ko, "Paalam na, sa inyo!" Lumakad na sila, lumingon 'yung lalaki at kumaway, nang *paganoon*. Nangyari nga itong lahat. Siyanga po.

43 Napagtatagumpayan ng pag-ibig ang lahat ng mga bagay. Tama 'yun, pag-ibig lang—lang ang may kakayanang gumawa niyan. Kahit sa inyo na ang lahat ng inyong mga tanda at mga pagpapatunay, basta't ibigay n'yo lang sa akin ang pag-ibig. Iyon—iyon ay sasapat na, para sa akin. Oh, siyanga!

Minamahal kong naghihingalong Cordero, ang
Iyong sadyang mayamang Dugo
Ay kailanman di mawawalan ng taglay Niyang
kapangyarihan,
Hanggang sa ang lahat ng tinubos na itinuring
na Iglesya ng Diyos
Ay magkaroon ng kaligtasan, upang hindi na
mabuyo sa kasalanan. (Kita n'yo?)

Buhat nang sa pamamagitan ng pananalig
yaring batis nasilayan
Na tustos ng Iyong mga galos na tuluy-tuloy
ang agos,
Tumutubos Mong pag-ibig ang siya ko nang
naging himig,
At mananatiling ganoon hanggang sa ako'y
yumaon.

Ganoon nga. Oh, kahanga-hanga talaga!

44 Ngayon, subok na ng panahong mga bantayog! Kung saan ko po hinango ang ideyang ito ngayong umaga, doon po hango sa mensahe natin ng Sunday school, isang pang-ebanghelyong mensahe, kung saan nangusap ang ating kapatid tungkol kay Elias. Kung saan gusto niyang. . .Ang mga kabataang lalaking naroon, mga paaralan daw ng mga propeta, kung papaanong gusto nilang magpatayo ng ganoong uri ng malaking paaralan. At biglang sumagi sa isip ko, at pinagbubulay-bulayan ko nga ang mga kaisipang iyon tungkol sa "mga bantayog."

45 Ngayon, ang bantayog ay isang—isang dakilang bagay. Binibigyang halaga natin ang mga bantayog. At marami ngang tao, sa buhay na 'to, ang nagsusumikap na mag-iwan sa kani-kanilang pagpanaw ng kung anu-anong uri ng bantayog. Halos lahat ng tao ay naghahangad na gawin 'yan. Magpapalagay sa kanilang libingan, ng isang malaking palatandaan. Ayos lang naman 'yan. Oo naman. Nauunawaan ko 'yan. Yan ay—'yan ay ayos lang naman. At kaya nga naman marami na talagang nagsusumikap na magpatayo ng mga naglalakihang dambana.

46 Isang bantayog ang nais kong tukuyin ngayon, 'yung nasa Ohio, at mayroon nga roong isang lalaking hindi naniniwala sa Diyos. Nakalimutan ko na ang pangalan niya. Mayroon akong litrato nun doon sa aking koleksyon sa bahay. Heto nga't, masya-syadong mariin ang kanyang paglaban sa Cristianismo, hanggang sa napagpasiyahan niyang magpatayo ng sariling bantayog, pagkamatay niya, na yinuyurakan niya ng isang paa ang Biblia, 'tas nakaturong pababa nang *paganoon*, at sinasabi, "Itakwil ang mga relihiyosong pamahiin, at itaguyod ang makabagong siyensiya." At noong naghihingalo na siya, sinabi niya, "Kung mali ako, gagapang ang mga ahas mula sa aking libingan." At noong namatay na siya, pinapala pa nga lang nila noon ang lupa doon sa libingan niya heto't nakapatay na sila ng dalawa o tatlong malalaking ulupong. At ngayon, sa libingang iyon, isang ministro ang kumuha ng litrato kamakailan lang at dinala iyon para ipakita sa akin, at nakalambitin doon sa mga kadenang nakapalibot sa kanyang lote. . .Napakagandang lugar nga 'nung libingan, subalit ang puntod niya'y naging punso na lamang ng mga ahas. At maging sa, kahit na taglagas pa at taglamig, ay patuloy na gumagapang ang mga ahas mula sa kanyang libingan. Grabeng bantayog! Huwag nawang itulot ng Diyos na magkaroon ako ng ganoong bantayog, o sinuman sa inyo.

Pero may mga bantayog, talaga, mga dakilang bantayog.

47 Iniisip ko si Josue, ang dakilang mandirigma. Isa nga siyang napakadakilang tao, kanyang isinuot ang baluti ni Moises, bilang pinuno ng dalawang milyong Hudyong naroon. Si Moises nga'y ang pinili, ang tinawag, ang ibinukod para sa isang paglilingkod. At si Josue nama'y ang papalit at hahalili sa taong ito, isa 'yung dakilang gampaning di-mapasusubalian,

ang gampanan ang katayuan ng propetang ito. Isang dakilang mandirigma, tinawag, predestinado at itinalaga ng Diyos. Apatnaraang taon bago pa man siya dumating, sinabi na ng Diyos na Kanya silang ililigtas at Kanya silang dadalawin. At pambihirang mandirigma nga talaga itong si Moises!

48 Walang sinuman ang pumalit kailanman sa katayuan ni Moises, upang isakatuparan ang mga gawang iyon, hanggang sa magawa iyon ni Jesus Cristo. At sinabi niya, siya mismo, "Palilitawin ng Panginoon ninyong Diyos ang isang propeta sa gitna ninyo, na kagaya ko. At mangyari, kung hindi ninyo diringgin ang Propetang ito, sinuman ang hindi dirinig sa Propetang ito ay ihihiwalay." Buweno.

Ngayon naman, sa dakilang bantayog na ito.

49 At naparoon na si Josue sa ilog. At sa pagpanaw ni Moises, humalili sa kanya si Josue. At ang Diyos ay kasama ni Josue. At sinabi niya, "Ngayo'y magpakabanal kayo, labhan ninyo ang inyong mga damit, bumukod, at huwag kayong sumiping sa inyong asawang babae. At sa ikatlong araw, ay may gagawin ang Diyos." Oh, aking . . .

50 Isa sa mga gabing ito, sa pang-Linggong gawain, nais kong ipangaral ang tungkol sa "ikatlong araw," nang maipakita ko sa inyo kung anong kapangyarihan ang napapaloob sa mga iyon, sa tatlong iyon. Nabanggit ko na iyon kaninang umaga, sa pananalangin; ang lahat ay binubuo ng tatlong bagay, at pati na rin ang pneumatics ng Biblia.

51 "Ngayon, sa ikatlong araw ay makikita ninyo ang kaluwalhatian ng Diyos." Ngayon ito nga'y nagpapahiwatig . . . nagpapakita na alam na alam niyang talaga ang sinasabi niya, sapagkat binanggit niya ang mismong oras kung kailan ito magaganap. At nakikini-kinita ko kung ano ang pakiramdam ni Josue, noong tumayo siya roon sa harapan ng lahat ng mga Israelitang naroon. Ngayon, kinakailangang totoo talaga ang kanyang sinalita. At heto na nga ang umaapaw na Jordan.

52 Kita n'yo, ang katangian ng isang tao ay nakikilala sa pamamagitan ng kanyang mga gawa. Ano ka pa man, pinatototohanan ng mga gawa mo kung ano ka. Gaano ka man karaming magpatotoo, ano man ang pinagsasasabi mo, pag-ayon man 'yan o pagsalungat, walang kinalaman 'yan dito. Nilalahad ng mga gawa mo kung ano ka, nilalahad kung ano ka sa kaloob-looban. Ang bawat trabahong ginagawa mo, ang nagpapahayag kung ano ka.

53 At kaya kayong mga nagne-negosyo, kung bara-bara't di maayos ang trabaho n'yo, nauunawaan n'yo naman siguro ang ibig kong sabihin, mahihinang-klaseng gawa, huwag n'yo nang gawin 'yan. Kung hindi n'yo 'yan magawa nang tama, huwag n'yo na lang gawin pa. Tama po 'yun.

54 Kapag lalapit kayo kay Cristo, kung hindi n'yo naman kayang ibigay nang buong-buo ang inyong sarili mula sa, pangkasa, puluhan, hanggang sa lalagyan ng bala, 'tas lalapit kayo kay Cristo, huwag na lang kayong lumapit. Subalit kung talagang nagnanais kayong maging isang Cristiano, panindigan n'yo. Gawin n'yong totoo na talaga. Ganyan ang nais ng Diyos sa inyo. At 'yun ang—'yun ang magpapatunay, patutunayan nga ng inyong mga gawa kung ano ang inyong katangian. Nakikilala ang inyong katangian sa pamamagitan ng mga gawang ginagawa ninyo.

55 At si Josue naman, heto nga't, nakataya ang kanyang salita; siyanga, po, gaya ni—ni tandang Noe. Heto na nga't kailangang tawirin ni Josue ang ilog na iyon. At para bang napili pa niya ang pinakamahirap na panahong maiisip kailanman. Iyon pang buwan ng Abril. At noo'y nalulusaw na ang niyebe sa Judea, at bumababa na iyon sa mga kabundukan, at nagpuputik na ang matandang Jordan, at ang pagbaha'y dire-diretso roon sa—sa mga linang, tinutubigang mainam ang mga sakahan ng Jordan. At kung titingnan nga naman, kung sa batayang matematika, o—o sa batayang pampaaralan, o batayang siyentipiko, tila baga kanyang—kanyang napili pa ang pinakamahirap na panahon sa buong taon para tawirin ang Jordan. Subalit gustong-gustong piliin ng Diyos ang ganoong uri ng mga panahon upang mapatunayang Siya'y Diyos.

56 At ang mga tao ng Diyos, na nananampalataya sa Diyos at alam kung ano ang ipinangako ng Diyos, ay hindi natatakot na gawin ang bagay na 'yan, dahil nananatili kasi ang Diyos sa Kanyang Salita, nang sintiyak na Siya nga ang Diyos.

57 At noong sinabi niya, "Unang-una, dalhin ninyo ang kaban at sumulong kayo." At noong sumayad na ang mga paa ng mga saserdoteng iyon sa Jordan, gaano mang kalakas ang pagragasa ng ilog, at gaano mang kataas ang pag-apaw, nagbigay-daan iyon sa Walang Hanggang Salita ng Diyos, sapagkat ang Salita ay naroon sa kaban. Sinabi ni Jesus, ngayon, "Ang kalangitan at lupa ay lilipas, subalit ang Aking Salita ay hindi kailanman lilipas." Kaya, si Josue, dahil nalalaman niyang kailangang manangan ang kanyang salita sa Salita ng Diyos, kanyang inuna ang Salita ng Diyos.

58 Gawin nawa n'yo kayong mga maysakit na narito ngayong gabi ang kagaya nun, ilagay ang Salita ng Diyos sa inyong pagpapahayag. Ilagay nga ninyo ang inyong pagpapahayag, sampalatayanan ninyo iyon at ilagak iyon doon; at ituring ninyong yaong mga bagay, na wala pa man din, ay tila baga nariyan na talaga. Pagkatapos ay magmamartsa na tayo roon nang pasulong. Gawin ninyo iyon sa ganoong kaparaanan. Ang Salita ng Diyos ang bahalang magdala n'yan sa katuparan.

59 At pagkasayad na pagkasayad pa lang ng mga paa ng mga saserdote sa Jordan, bigla na lamang nahawi ang ilog, sa magkabilang panig. At huminto ang tubig.

60 Napagtatanto n'yo ba? Ang dagundong ng ilog na 'yun ay nagdulot na sana ng pag-apaw ng naipong tubig, na sa loob lamang ng dalawampung minuto, magiging kasinlaki na dapat iyon nitong—nitong mga naglalakiha't makabagong dam natin, gaya nung Colorado Boulder Dam. Sa lakas ng pagragasa ng Jordan nung araw na 'yun, na bumababa pa mula roon sa mga kabundukan, na may matinding puwersa, talaga ngang ang ilog ay raragasa sa mga lambak na naroon.

61 At nang ang dalawang milyong lalaki'y nagsilakad na, may mga kasama pa silang kababaihan at mga bata, 'yung ganoong karaming naglalakad, marahil ay gugugol nang apat o limang oras, o higit pa nga. At ano sa palagay n'yo? Napuno na dapat ang ilog na iyon. Ngunit, pinatigil ng Diyos ang pagdaloy ng ilog. Amen. Oh, gustong-gusto ko iyon. Pinatigil ang daloy ng ilog! At tumigil lang ang ilog doon hanggang sa makaraan na silang lahat.

62 Pagkatapos ay sinabi ng Diyos kay Josue, "Dapat tayong gumawa ng isang bantayog para rito. Pumaroon ka at isugo ang bawat Israelita, isa mula sa bawat tribo, at kumuha ng labindalawang bato at gumawa ng isang bantayog. At ang bantayog na ito'y nariyan upang sa tuwing daraan ang inyong mga anak sa gawing ito, itatanong nila, 'Ano ang kahulugan at naririto ang mga batong iyan?' At isasalaysay ninyo sa kanila ang kuwento kung papaanong pinahinto ng Diyos ang Jordan." Napakainam na alaala nga niyon. Balang araw ay nais kong makita ang mga batong iyon, sa nalalapit na hinaharap, kung saan anupa't sila'y nakatayo pa rin doon bilang isang bantayog. Pero ngayon nama'y naiisip ko ang—ang isa pang bantayog. . . Iyon nga'y isang dakilang pinagpalang bantayog!

63 Pero heto rin at naiisip ko ang isa pang bantayog, noong araw na iyon, noong magkamali ng pagpili ang isang babae. Napagpasiyahan niya kasing huwag manatili. . . Sa mga sagana sa irigasyong kapatagan ng—ng. . . o manatili pala roon sa mga sagana sa irigasyong kapatagan ng Sodoma at Gomorra, at makihalubilo at mamuhay na gaya ng mga kababaihan doon noong panahong iyon.

64 Hindi niya pinili ang mabuti, di gaya ni Sarah na nanatili sa tigang na lupain. Tanging, ang Salita ng Diyos ang kanyang pinakaiingatan sa kanyang puso. At siya ay masunurin at kaibig-ibig sa kanyang asawa, na tinawag pa nga niyang ang kanyang asawa na kanyang "panginoon." At sa ganoong pagkakataon nga'y bumaba ang Diyos kasama ang dalawang Anghel at dinalaw sila sa tolda.

65 Subalit, ito namang si Gng. Lot, siya'y naging sobrang makasanlibutan at naengganyo na nga nang husto sa mga bagay ng sanlibutan. At isa ngang aral ito sa atin, sa panahon natin, na maaaring ang mga pag-iisip nati'y naging masyadong makasanlibutan na. At natitiyak ko, sa panahon natin, na ang iglesya, sa kabuuan, ay nagiging masyadong makasanlibutan na ang pag-iisip. Ngayon, marahil, hindi naman talaga iniisip ni Gng. Lot na gawin ang gayong bagay, noong unang lumipat siya roon. Naisip lang niya, "Makikisama lang ako." Ayos lang naman na magkaroon ng pakikisama, subalit huwag ninyong lakaran ang mga gawi ng sanlibutan.

66 Kung lalakad kayo, lumakad kayong gaya nina Shadrach, Meshach, at Abednego, at ni Daniel. Napagpasiyahan nila sa kanilang puso na hindi nila hahayaang mahawa ang kanilang mga sarili, kahit ano pa man ang dumating o mangyari. Kahit pa tumalikod na sa pananampataya ang iba pa sa iglesya, ano mang mangyari, nakapagpasiya na nila sa kanilang puso. At sila nga ngayo'y isang bantayog.

67 At si Gng. Lot ay tumatayong bantayog. At noong ibigay ng Diyos sa kanya ang kanyang huling mensahe ng biyaya, noong isinugo Niya yaong mga Anghel doon at sinabihan silang sa loob ng ilang oras ay tutupukin na nga itong Sodoma at Gomorra. Gayunpaman, hindi pa rin niya mawari ang gagawin tuwing maiisip na iiwan na niya ang kanyang marangyang pamumuhay, upang pumaroon sa disyerto, at mamuhay gaya nang ipinamuhay ni Sarah doon sa disyerto, at kinakailangang magsuot pa ng pangkaraniwan, at simpleng kasuotan ng mga kababaihan mula sa kapatagan. Gusto niyang mamuhay nang marangya. Naging kilalang tao kasi ang kanyang asawa sa siyudad. Nauupo kasi ang kanyang asawa sa pintuang-bayan, bilang isang hukom o bilang isang alkalde ng siyudad. At gusto niya ng mga karangyaang ganito. At hindi niya maatim isiping kailangan na niyang iwan ang mga bagay na iyon. At nung lumakad na nga siya kasama ng kanyang asawa, palabas ng siyudad, palingon-lingon siya sa likod, iyak nang iyak at nagdadalamhati dahil kinakailangan na niyang iwanan iyon, upang ibukod ang kanyang sarili sa ganoong uri ng kamatayan.

68 Sinabi ni Jesus, "Ang taong pagkahawak sa araro, at lumilingon sa likod, ay hindi karapat-dapat sa pag-aararo." Ano nga bang uri dapat tayo ng mga tao? Ang taong pagkahawak sa araro, at hindi—hindi nga sinabing tumalikod, kundi lumingon nga lang sa likod, ay hindi karapat-dapat sa pag-aararo. Oh, kinakailangang ituon natin ang ating mga mata at mga puso sa isang bagay. Kahit ano pa ang ginagawa ng ibang tao, anuman ang ginagawa ng iglesya, anuman ang ginagawa ng kapitbahay, anuman ang ginagawa ng kung sinuman diyan, panatilihin ninyong nakasentro ang inyong puso sa Kalbaryo. Ni huwag

kayong huminto para lumingon. Wala na tayong panahon para lumingon pa.

69 At ang babaing ito, dahil lumingon nga siya, nagbigay ang Diyos ng bantayog para sa lahat ng mga taong lumilingon sa likod, matapos nilang minsan nang matanggap si Cristo bilang kanilang sariling Tagapagligtas. Siya'y naging isang haliging asin. At siya'y nakatayo roon hanggang sa araw na 'to, matatanaw iyon sa parang, iyon ngang babaing nakatayo roon na ang ulo'y nakapihit, nakalingon sa likod. At nakalingon nga siya sa may kaliwang balikat niya, upang tanawin muli ang parang. Naiwan kasi roon ang kanyang puso. Pero, napilitan lang siya, gaya na nga nang nagyari, para gawin ito.

70 At maraming tao ang tumatanggap kay Cristo sa ganoong kaparaanan, sa panahong ito, dahil lumabas man sila mula sa sanlibutan, pakiramdam naman nila'y para bang napilitan lang silang gawin ito. At patuloy silang nananabik at nagnanasa, at di rin magtatagal sila'y balik uli sa dati. At sila'y—sila'y mga kahiya-hiyang bantayog ng biyaya ng Diyos, ng pag-ibig ng Diyos na naipamalas na sa kanila. Ngayon, mga bantayog!

71 Ngayon, sa panahon ni Jesus, dito sa lupa. Nagtayo ang mga Hudyo ng isang templo bilang isang bantayog. At pinakita nila kay Jesus kung gaanong kainam ang pagkakatayo ng templong iyon. At sinabi Niya...Gumugol ng apatnapung taon para maitayo ang naturang templo; bale mga walumpung taon, lahat-lahat. Sa loob ng apatnapung taon, tinabas nila mula sa bundok ang mga bato sa iba't ibang panig ng daigdig. Sa apatnapung taon ng pagpapatayo nito, ni walang isa mang ngitngit ng lagari o ingay ng martilyo.

72 Ngunit, alam n'yo, maging si Jesus ay nagsabi roon, "Huwag ninyong tingnan ito, sapagkat sinasabi Ko sa inyo, na darating ang panahon na walang matitirang bato sa ibabaw ng kapuwa bato, isang bato sa ibabaw ng kapuwa bato."

73 Bago niyon, sinabi Niya itong dakilang Mga Salitang uukit sa alaala, "Ang kalangitan at lupa ay lilipas, lilipas ang mga templo, lilipas ang mga bantayog, subalit ang Aking Salita ay ang Walang Hanggang alaala."

74 Nabulok na ang kaban, mga taon na ang nagdaan. Gumuho na ang mga libingan ng mga propeta. At lahat ng iba't ibang bantayog ay nangabulok na, sa pagtanda ng panahon, napalis na ang mga bato. Subalit sadyang nanatili ang Salita ng Diyos, napakaganda pa rin magpakailan-kailan pa man. Sadyang buhay na buhay pa rin at sariwang-sariwa ngayong gabi, para sa mga mananampalataya ng panahong ito, gaya pa rin ng dati noong unang panahong sinalita ito.

75 Kaya naman pala, si Elias, ngayong umaga, sa ating...sa mensaheng tinalakay sa atin ng ating kapatid. Noong gusto ng mga tao roong magpatayo ng isang malaking paaralan para sa

mga propeta, bilang isang bantayog, pinili pa rin ni Elias ang siyang mas mainam na bagay, ito ngang himala ng Diyos na nagpaangat ng isang nalaglag na kasangkapan at palutangin iyon sa tubig. Ito ngang Salita ng Panginoon.

76 At mas mainam pa nga ang sinuman, ngayong gabi, na tatanggap sa Salita ng Panginoon, sa kanyang puso, bilang isang alaala, kaysa roon sa mga nagsusumikap na magtayo ng mga naglalakihang mga bantayog.

77 Hindi pa ganoong katagalan, noong marinig ko, noong nasa Italya ako, narinig ko ang tungkol kay Mussolini, at 'yung napakalaking estatwang iyon na mga apatnapu o higit pang talampakan ang taas, na ipinatayo niya bilang isang bantayog para sa larangan ng pampalakasan, dahil sa isa nga siyang atleta. At gusto ko ngang mapuntahan ang bantayog na iyon. At, alam n'yo ba, napulbos na pala iyon ng isang malakihang pambobomba mula sa himpapawid.

78 Nakatayo na ako roon, mga dalawa, o tatlong taon na ang nakararaan, doon sa lugar kung saan minsang nagpatayo ng malalaking dambana at mga rebulto ang mga faraon ng Egipto. At aking. . . Sinasabi nila sa akin na kinakailangan mo pa raw maghukay ng dalawampung talampakan sa ilalim ng lupa, para makita man lang na nakatayo nga roon ang mga bantayog na iyon.

79 Nakatayo na ako roon sa lugar si Caesar Augusta, doon sa lugar ng mga Herodes at ng mga dakilang personalidad noon ng Roma. At napuntahan ko nga yaong kalsada, na dati-rati niyang nilalakaran mula sa palasyo, at 'yun ay nasa mga dalawampu't limang talampakan na ngayon sa ilalim ng lupa. Ang mga bantayog na iyon ay wala na ngang lahat.

80 Subalit yaong buhay na Salita ng Diyos ay sadyang nananatili pa rin at hindi nagbabago ang kahalagahan. Iyon nga ang masasabing bantayog.

81 Kaya sinasabi ko, ngayon, kapatid, ang mga bagay na ginagawa mo, ang mga salitang binibitiwan mo, kung paano mo pinakikitunguhan ang ang iyong kapitbahay, at kung ano ang ginagawa mo para kay Cristo, ito'y magiging walang hanggang bantayog. Maaaring may magara kang tahanan na maiiwan mo sa iyong mga anak. Maaaring pinalalago mo ang isang kabuhayan, na maiiwanan mo sa iyong mga anak. Subalit mas gusto ko pang iwan sa kanila ang Salita ng Diyos kaysa ano pa mang ibang bagay. Maglalaho ang lahat ng mga bahay na iyan. Mainam din naman 'yan, mabuti 'yan. Wala naman po akong anumang laban diyan. Subalit huwag n'yong pagtuunan ang mga maliliit na bagay na iyan 'tas kaliligtaang gawin ang mga dakilang bagay, kita n'yo. Sapagkat, ang Salita ay. . . Ang bahay ay masisira, at ang mga tao'y mangangamatay kasama nito. Subalit ibabangon sila ng Salita ng Diyos sa huling mga araw,

at pagkakalooban silang muli ng Walang Hanggan at walang kamatayang Buhay. At, ngayon, makakapag-iwan na nga sila ng pamanang gaya nito, ang Walang Hanggang Salita ng Diyos!

82 Iniisip ko itong lumang awiting dati nating inaawit dito, mga ilang taon na rin ang nakalipas.

Ang panahon ay punung-puno ng mabilis na pagbabago,
Walang bagay sa mundo ang hindi maguguho,
Ang iyong pag-asa'y itayo sa mga bagay na Walang Paglaho,
Sa kamay ng Diyos na di nagbabago halina't manghawakan tayo!

Sa panahong paglalalakbay natin sa wakas ay matatapos din,
At kung sa Diyos tayong lahat mananatiling laging matapat,
Maliwanag at masinag ang ating tahanan sa Kaluwalhatian,
Na tiyak masisilayan ng ating mga kaluluwang may kagalakan.

83 Gaanong higit na mas mainam nga iyon na tumunghay, sa harapan ng lumulubog na araw, sa panahong nanlalamig na ang mga ugat mo sa katawan, sa panahong nangakatayo na ang mga anak mo sa palibot ng iyong pagkakaratay, at alam mo sa sarili mong nakapagtayo ka na ng isang bantayog na iiwan, na, "Mga anak, balang araw ay katatagpuin kayo ni tatay sa kabilang ibayo!" Mas gugustuhin ko pang ganoon ang iwan sa kanila.

84 Sa panahong sasabihin na ng doktor, "Billy, wala na 'kong puwede pang gawing remedyo sa'yo."

85 Tapos pagmamasdan ko ang mga mumunti kong mga anak, at hahalikan sila ng pamamaalam. Sasabihin ko, "Hindi naman mamamatay si tatay. Pupunta siya sa isang kapahingahan, sa isang Dako. 'Sapagkat kung masira ang tabernakulong ito na ukol sa laman, ay may isa nang naghihintay sa akin.'" Isa nga itong napakainam na alaalang dapat ihayag! Mas gugustuhin ko pang gawin iyon, sa harapan ng aking mga anak, kaysa sabihing, "Mga anak, may isang milyong dolyar ako sa *ganitong* bangko, at isang milyon naman dito sa isa pa *rito*, para sa inyong lahat 'yun." Mas gugustuhin ko pang mag-iwan ng ganitong patotoo.

Dahil sa kanilang paglisan, sa atin ay iniwan
Ang kanilang pinagbakasan sa panahong buhanginan;

Mga bakas ng paa, na muli nanamang ang iba,
Nating kasamaha'y sumalimbay sa maringal na karagatan ng buhay,

Mga namaalam nating kapatid na sa ati'y dalamhati ang hatid,
Muli silang makikita, muling mabubuhay ang pag-asa.

Mismo! Iwanan n'yo ang mga ito bilang mga alaala, itong inyong mga patotoo.

86 Lubos kong naiisip, ngayong gabi, ang isang matandang lalaki na nakahimlay roon, sa kanyang mga huling oras sa buhay na ito, tumawag sa telepono noong isang araw at nais na ako ang mangaral sa kanyang libing; sa Tabernakulo ni Paul Rader. Ito ngang butihin kong kaibigan, na si F. F. Bosworth, isang banal na maka-Diyos na paroroon na upang katagpuin na ang kanyang Manlilikha. At sabi nga niya, "Ito ang pinakamasayang panahon ng buhay ko, Kapatid na Branham." Sabi pa, "Masayang-masaya ako na malamang katatagpuin ko na Siya, hindi na ako halos makatulog sa gabi."

87 May naririnig ako patungkol kay Gng. Aimee McPherson; ginagalang natin siya, isa siyang kahanga-hangang babae. May mga ilang puna sa *ganito* at *ganoon*. May mga ilang puna rin kina Smith Wigglesworth at Dr. Price, at marami pa sa mga tanyag nating kalalakihan, subalit ni walang isa mang puna ang narinig kong nabanggit ninuman patungkol kay F. F. Bosworth. Diyos, itulot Mong maging gayon nawa ang aking wakas, isang bantayog ng biyaya ng Panginoong Jesus Cristo!

88 Naiisip ko rin si E. Howard Cadle, hindi pa katagalan, noong nakasalampak siya sa sahig, lasing na lasing, at ang—at ang mga langaw ay nagsisiliparan na sa kanyang bibig. At ang kanyang pakamamahal na matandang ina sa malayong dako ay nanalangin at nanampalataya, at nagtitiwala sa Diyos, para sa pagbabago ng kanyang lasenggong anak. Nung araw na 'yun, noong lisanin na niya ang sanlibutan, nag-iwan siya ng isang patotoo at isang bantayog ng sumasapat na biyaya ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Kapag ang Salita nga ng Diyos ay inilagak sa Kanya, sa panalangin, tunay ngang tutugunin iyon ng Diyos.

89 Nagtatayo ang Diyos ng isang Iglesyang tatayo bilang bantayog, isang alaala ng Kanyang sakripisyo. Hindi naparito sa lupa si Cristo upang mamatay nang walang saysay. Ang Kanyang kamatayan ay hindi mapapawalang saysay. "May kakayahan ang Diyos na magpalitaw ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito." Kung hindi Ito ipamumuhay ng mga tao, kung hindi nila Ito tatanggapin at, pag-iisipan pa kung tatanggapin nga ba o hindi, at hindi mapagtanto kung gaanong kadakila ang kaloob na ibinigay ng Diyos sa kanila, may kakayahan ang Diyos na magpalitaw ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito. Tunay ngang gagawin Niya ito! At sa

tuwing naiisip ko iyon, naiisip ko ang napakalaking halaga na kinailangan Niyang bayaran! Ngayon naman . . .

90 Lahat ng tao ngayo'y nasasabik sa libre, gustong lahat . . . Ganyan ang istilo ng pamumuhay ng mga Amerikano ngayon. Dadamputin ang lahat ng puwedeng madampot nang walang bayad. Kapatid, wala ka nang makukuhang mahahalagang bagay ngayon, nang walang binabayad. Magbabayad ka para makuha mo ang mga 'yan. Ganoon nga. Kailangan mong magbayad para sa isang bagay, at makatitiyak kang may halaga nga 'yan.

91 At mahalaga ang iyong kaligtasan, sa Diyos. Ang Kanyang bugtong na Anak ang siyang naging kabayaran, upang mapagkalooban ang bawat tao ng Buhay na Walang Hanggan at upang sila'y magkaroon ng kagalakan, ngayong gabi, at upang mabuhay para sa mga bagay na may kabuluhan. Hindi upang mag-iwan ng kung anong bagay sa ating mga anak; walang pamanang puwedeng iwan, ang hihigit pa kaysa sa pagliligtas ng ating Panginoong Jesus. Tama, wala nga.

92 Ngayon, nabayaran na ang malaking halaga. Darating na ang mga pagsubok ng panahon. Ito'y subok na ng panahong mga bantayog. At ang tanging bantayog na nasubok na at napatunayang tama, ay ang Salita ng Diyos. Oh, sinubukan na Itong pabagsakin ng mga hindi naniniwala sa Diyos. Ginawa na nila ang lahat ng magagawa nila, subalit hindi Ito kailanman lilipas. Hindi Ito kailanman mabibigo.

93 Si Abraham, noong matanggap niya ang bantayog na iyon ng Diyos, "Magkakaanak ka sa babaing iyon, kay Sarah." Sa loob ng dalawampu't limang taon, sinampalatayanan niya iyon nang buong puso niya, at hindi pinahihintulutan ang anumang sasalungat dito, sapagkat alam niyang tutuparin ng Diyos ang Kanyang Salita.

94 Silang mga hindi naniniwala sa Diyos, sa panahon ngayon, nagsisilitawan sila't sinisikap na pabagsakin ang Biblia. Bago mo pa mapabagsak ang Biblia, kinakailangan mo munang patigilin ang takbo ng oras bago mo mapabagsak iyon. Bawat sanlibutang walang Diyos, bawat taong walang Diyos, bawat komunista, at anupaman sila, bawat Buddha, bawat Jain, bawat Mohammedan, kinakailangan nilang sumaksi sa kapanganakan ng Panginoong Jesus Cristo, araw-araw. Buweno, sa tuwing pipirma ka nga ng liham, amen, sa tuwing isusulat mo ang petsa, pinatototohanan mong isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak, siyamnaraan at limampu't pitong taon na ang nakalilipas. Kapatid, hindi mo mapababagsak iyon. Hindi iyon maaaring mapabagsak. "Ang kalangitan at lupa ay lilipas, subalit ang Aking Mga Salita ay hindi kailanman lilipas."

95 Nito-nito lang, naroon ako sa New York, tinungo ko 'yung isang maliit na isla, sa Statue of Liberty na iniregalo sa . . . ng

pamahalaang Pranses, sa Estados Unidos, maraming taon na ang nakalipas. At sa kamay nung estatwa ay may isang sulo. Umakyat kami sa braso niyon. May bintana roon. At mula roon sa tinatanglawan nitong malaking ilaw, napansin ko roon sa may gilid ang ilang piraso ng maliliit na maya, at patay nang lahat ang mga iyon, naroon sila sa may gilid. At sinabi ko sa kasama naming nagtratrabaho roon, "Ano 'yung mga mayang naroon? Nakuryente ba sila?"

96 Sabi, "Hindi po, ginoo. Hindi pa po namin naaalis 'yung mga 'yun kaninang umaga." Sabi, "Kagabi po kasi'y bumagyo, napakalakas pa man din nung tumama dito sa baybayin."

Sabi ko, "Oo nga, ginoo. Ganoon nga ang nangyari."

97 Sabi niya, "Natangay po ang mga maliliit na ibon na 'yan sa kasagsagan ng bagyo." At sabi, "Noong marating nila 'yung ilaw, pilit nilang pinapatay iyon. Kita n'yo? Sadyang inuumpog nila ang salamin at pilit na pinapatay iyon." At sabi pa, "Sa halip na gamitin ang ilaw para makalipad sa ligtas na lugar, sinikap pa nilang patayin ang liwanag."

98 At pagkatapos ay dumapo sa akin ang inspirasyon. Tama nga naman. Ang mga kalalakihan at mga kababaihang pilit na pinapatay ang Liwanag ng Diyos, ay pinahihirapan lang ang kanilang mga isipan. At, ito ngang Liwanag, bakit hindi nila gamitin Ito para makapunta sa ligtas na lugar, sa halip na pahirapan pa nila ang kanilang mga isipan? Pinagsisiksikan nila ang sariling kaisipan at tinatanggihan Ito, at sasabihing, "Lumipas na 'yang mga araw ng himala. Hindi totoo 'yang Makalangit na kagalingan, walang tagos sa pusong kaligtasan, wala 'yang mga ganyang mga bagay." Inuumpog lang nila ang kanilang sarili sa matigas na haligi. Habang ginagawa ito ng mga taong ito, kumikilos naman ang dakilang Iglesya ng Diyos nang pasulong at paitaas, habang pinahihirapan nga ng mga taong ito ang kanilang mga sarili. Nagsisilitawan ang kung sinu-sinong nagsasabing *ganito*, at *ganoon*, at sila'y pawang mga bigo, at kung anu-ano pang nangyayari sa kanila. Subalit patuloy lamang sa pag-usad ang Iglesya ng Diyos, at patuloy lamang sa pag-usad ang Salita ng Diyos. Ang Iglesya nga'y yari sa tamang uri ng materyales.

99 Kamakailan lang, doon sa Australia, sa malaking bahagi ng Australia na sakop ng kaharian ng Britanya, katulad nang sa Timog Aprika, ito nama'y doon sa ibabang bahagi ng Australia. Doon sa Sydney, may isang malaking siyudad doon sa tabing-dagat, mas may alam marahil si Kapatid na Beeler tungkol dito kaysa sa akin. At gayun na nga, gusto nilang magpatayo roon ng isang tulay, na magdurugtong sa—sa Hilagang Sydney at Timog Sydney. Nanawagan sila sa buong bansa, para kumuha ng mga arkitekto, mga tagapagtayo—tagapagtayo ng tulay, na dadayo roon upang maipatayo ang tulay na ito. Wala ni isang gustong

tumanggap nun. Wala ni isang nangahas na tanggapin iyon. Nung naroon na kasi sila, natuklasan nilang ang ilalim ng dagat ay gumuguhong buhanginan. May mga kumunoy, at walang maitatayo roon. At sinuri nga nila iyon at sinukat pa ang lalim ng tubig, at kung anu-ano pang pag-aaral ang kanilang ginawa. Sabi nila, "Hindi talaga puwede, ni hindi kami magtatangkang magtayo ng ganoong tulay riyan. Hindi iyon maaaring magawa."

100 Pagkaraan nun, isang batang-bata pang arkitekto na taga-roon pa sa Inglatera ang dumayo roon, isang kilalang lalaki, lalaking may iniingatang pangalan, may magandang reputasyon.

101 Oh, gusto ko n'yan! Gusto ko ng taong may reputasyon. Oh, hindi mo kailangang maging bigating tao. Maaaring ikaw ay isa lamang pulubi na nakatira sa isang bangketa, ngunit may reputasyong malayong higit na mas mainam pa kaysa sa isang maharlika. Tama naman. Hindi mo kailangang maging mayaman. Basta't mayroon kang reputasyon. Ipinahahayag nito, ang iyong reputasyon at kung ano ka, hinuhubog nito kung ano ka. Nilalantad nito ang iyong reputasyon. At nakikilala ka sa iyong reputasyon.

102 Dumayo pa roon ang lalaking iyon taglay-taglay ang isang nakabibilib na reputasyon. Siniyasat niya ang sitwasyon. Naglakad-lakad siya sa pampang nang ilang mga araw. Pinag-aralan niya ito. Nagsagawa siya ng mga pagsusuri. Sinukat niya ang lalim ng mga tubig. Nagmasid-masid siya sa palibot. Pagkatapos ng mga iyon, nagpunta na siya sa alkalde, sabi, "Tatanggapin ko po ang trabaho."

"Aba," sabi ng alkalde, "ginoo, alam mo ba ang papasukin mo?"

Sabi nung lalaki, "Lubos ko pong nauunawaan."

103 Sabi ng alkalde, "Buweno, sabi nitong kilalang arkitektong ito . . . mga Amerikanong arkitekto at mga arkitektong mula pa sa iba't ibang panig ng mundo, mga tagapagtayo ng tulay, na nagsiparito, at pawang takot sila sa naturang trabaho."

104 Sabi nung lalaki, "Subalit, ginoo, hindi po ako natatakot sa naturang trabaho. Tatanggapin ko po ito." Sabi pa niya, "Nauunawaan kong may reputasyon ako sa buong mundo, bilang tagapagtayo ng tulay; subalit itataya ko ang aking reputasyon, sapagkat kaya ko naman talaga itong itayo." Oh, mayroon siyang malinaw na pananaw sa hinaharap! Bago kasi magkaroon ng reputasyon ang isang tao, kinakailangan niyang magkaroon muna ng malinaw na pananaw sa hinaharap patungkol sa kanyang ginagawa.

105 Oh, purihin ang Panginoon! Iyan ang dahilan kung bakit may Langit na mapupuntahan. Iyan ang dahilan kung bakit maaari tayong magkaroon ng reputasyon bilang isang Cristiano, alam kasi natin kung anong materyales ang narito sa gusaling

ito. Tama po. Ang Dugo ni Jesus Cristo ang nasa gusaling ito. Tama ’yun. Ang lahat ng mga kasalanan ay nilinis ng natigmak Niyang Dugo. Hinango Niya ako mula sa mga lansangan ng impiyerno at ginawang lingkod Niya. At, nanampalataya ako sa Kanya. Kaya naman, lumipat na ako mula sa kamatayan patungo sa Buhay. At bawat mananampalataya’y nagawa na nga iyan, dahil sa mayroon silang pagtitiwala at paniniwala sa dakilang Tagapagtayo, at dakilang Arkitektong ito.

106 Ngayon, noong sinimulan na iyon nung lalaki, ang unang bagay na trinabaho niya, upang matiyak niyang tama siya, ay bumaba siya roon. At sabi nga niya, “Ngayon, bago natin maumpisahan ang tulay na ito, kinakailangan nating bumaba roon sa matibay na pundasyon. Kinakailangan nating bumaba.” Alam niyang doon sa ilalim ng buhanginang iyon, ay naroroon ang dibdib ng lupa, ang matibay na bato. Ano pa bang ginawa niya kundi kumuha ng malalaking makinaryang bumubomba ng hangin? At bumaba siya roon at hinilera ang mga naglalakihang tubo, at tinanggal ang mga gumuguhong buhangin, gamit ang mga makinaryang iyon na bumubomba ng hangin, hanggang sa marating na niya ang matibay na bato. Noong marating na niya ang bato, iniangkla niya rito ang mga naglalakihang bakal na pangapit, at tiniyak na kapit na kapit ang mga iyon. At tiniyak din niyang natanggal ang lahat ng mga buhangin doon.

107 At pagkatapos ay humayo siya at tinipon niya, sa palibot niya, ang mga pinakamahuhusay na mga arkitektong mahahanap niya, mga pinakamagagaling na siyentipiko, mga pinakakalidad na makinarya. Nagpahanap siya at nakakuha ng bakal na gagamitin para sa kanyang tulay. Nang magawa na niya ito, tiniyak niyang hindi siya maglalagay ng anumang pirasong bakal, o ni isang turnilyo man, hangga’t hindi pa nasusubok ito ng siyensiya; upang matiyak kung may anumang depekto ang mga iyon, upang masiyasat maigi kung may anumang maliliit na butas ng hangin sa kung saan, na marahil nakuha sa pandayan, kung saan pinanday at hinulma ang mga iyon, upang matiyak kung nasubok nga ang mga iyon nang tama. Oh, talagang— talagang napakainam na bantayog nga ang itatayong iyon, kung. . .para sa kanyang reputasyon bilang isang tagapagtayo ng tulay.

108 Kung dumaan siya sa ganoong karaming kahirapan, upang matiyak na ligtas ang tulay na iyon, gaano pa kayang hirap sa inyong palagay ang pinagdaanan ng Diyos, upang matiyak na magiging ligtas ang Iglesyang ito? Siyanga, po. May isang bantayog para sa kamatayan ni Cristo, ’yun ang Kanyang Iglesya. May ilang taong ayaw ipamuhay ’yan, may ilan namang ipamumuhay ’yan. Ngunit, panahon na talaga ito ng pagsubok. Sinusubok ng Diyos ang mga tao, ngayon, para sa Kanyang mga bantayog.

Madalas, sinasabi ng mga tao, “Oh, nabubuyo talaga ako!”

109 Purihin ang Pangalan ng Panginoon, sa mga pambubuyo! "Pagka ako'y mahina, ako nga'y malakas," sinabi ni Pablo. "Bawat anak na lumalapit sa Diyos, ay kinakailangan munang masubok at mapatunayang karapat-dapat." At mas magiging matamis ang mga pagsubok na ito sa iyo, at mas magiging mahalaga ito sa iyo, kaysa mamahaling ginto. Panahon na nga talaga ng pagsubok.

110 Matagal nang panahon ang lumipas, bago pa nagkaroon ng mga hurnong panunaw, dinadala nila dati ang mga ginto. . . At papaano nga ba nila nalalaman ang karapat-dapat sa hindi, pagkatapos na maalis nang lahat ang mga putik sa mga ito, at lahat ng mga iron pyrite ('yung mga pekeng ginto), lahat ng mga peke ay naihiwalay na mula roon, kanilang. . . Pinupukpok iyon ng mga tagapanday ng ginto, at pupukpukin ang isang bahagi at pagkatapos 'yung kabila naman, at pupukpukin iyon at 'yung kabila uli, hanggang sa maaninag na ng tagapanday ng ginto ang kanyang—kanyang sarili sa ginto.

111 Ganoon ang ginagawa ng Diyos sa Kanyang Iglesya. Bibigyan Niya kayo ng sunud-sunod na pagsubok, sunud-sunod na pagtitiis, sunud-sunod na pagsubok, sunud-sunod na pagtitiis, hanggang sa masalamin na ang Buhay ni Cristo sa inyong buhay; hanggang sa kayo ay maging mapayapa, mahinahon, maamo, mabait, mapagpakumbaba, handa, mapagpasakop, maibigin, nakapihit ang ulo mula sa mga bagay ng sanlibutan, at nakatuon nang diretso sa Kalbaryo, doon sa Kanya na Siyang nagpupukpok. Madalas ay iniisip ninyong para bang may mali dahil sa mga matitinding pagsubok, mga karamdaman, at mga pag-uusig. Nangyayari lang ang mga iyan para subukin kayo, para alisin ang dumi mula sa inyo, para alisin ang putik mula sa inyo, para alisin ang kakuparan sa inyo, para gisingin kayo sa kalagayan kung saan mamamasdan ninyo na at makikita ang repleksyon, o makikita na ng isang tao ang repleksyon ni Cristo sa inyo, "Si Cristo na nasa inyo, ang pag-asa ng Kaluwalhatian."

112 Sinubok niya ang bawat piraso. Sa wakas, kanyang. . . Bago niya inilagay ang turnilyo, sinubok niya ito. Sinubok niya ang lahat.

113 Kaya noong matapos na niyang lahat ito, naroon, nakatayo na sa isang tabi ang mga nangungutya at nagsabi, "Hindi 'yan mananatiling nakatayo. Hindi niyan kakayanin."

114 Ganoon din ang mga sinasabi nila ngayon. "Itong sinasabi mong relihiyon ng Banal na Espiritu, hindi 'yan magtatagal, masusunog ang punongkahoy na iyan." Subalit hindi naman ito masusunog.

115 Oh, pinalalago pa nga ito ng—ng apoy na 'yan. Binibigyan pa nga tayo nito ng bagong pag-asa. Pinatatatag pa nga nito—nito tayo; sa bawat pagsubok, pagtitiis. Sa tuwing tatama ang

habagat sa isang punongkahoy at liligligin iyon nang pabalik-balik, at pabalik-balik, pinaluluwag pa nga nito ang mga ugat para lumago ito nang mas malalim at higit pang kumapit. Sa tuwing sasalakayin ng karamdaman ang inyong tahanan, sa tuwing sasalakayin ng pagsubok ang inyong tahanan, sa tuwing magsasalita ang mga kapitbahay ng masasama tungkol sa inyo, niliyliglig lamang kayo nito, pinaluluwag kayo, para kayo magpakababa at higit pang kumapit sa Walang Hanggang Bato ng hindi natitinag na Salita ng Diyos. Sa ganitong kaparaanan nga ito ginagawa ng Diyos. Ipinadadala Niya ang mga pagsubok na iyan para subukin kayo at mapatunayang karapat-dapat kayo, para ligligin kayo at pakapitin pa kayong muli.

116 Pagkatapos ay nalaman natin, noong matapos ng lalaking gawin ang lahat ng iyon, nakatayo sa tabi ang mga kritiko at nagsabi, “Hindi iyan maaaring umubra.” Pero ano? Alam ng naturang arkitekto na matatag ang kanyang tulay. Alam niyang matatag ito, sapagkat nasubok na ito.

117 Iyan ang dahilan kung bakit sinabi ng Diyos, “Magkakaroon Ako ng isang Iglesya na walang dungis at kulubot.” Amen. Dumaan na ang Iglesya sa pagsubok. Kaya nga’t ang bawat anak na lumalapit sa Diyos ay kinakailangang masubok.

118 Sa dakilang makasaysayang araw na iyon, noong kanilang, noong nakaumang na sa isa’t isa ang magkabilang dulo ng tulay, at nung magsalubong na nga ang mga ito sa gitna ng baybay. Yaong lalaking nagtayo ng tulay, ang sabi niya, “Hindi ko hihilingin kaninuman . . . ”

119 Nangakatayo sa paligid ang lahat ng mga arkitekto, sabi, “Pagtama na pagtama ng anumang pagyanig sa tulay na iyan, dire-diretso ’yan sa ilalim ng dagat. Magiging mapanganib ’yan.” Walang kompanya ng insurance ang gustong magbigay ng pinansyal na proteksyon sakaling gumuho man ang tulay.

120 Hindi naman niya talaga kailangan ng anumang pinansyal na proteksyon sakaling guguho man ang tulay. Sabi niya, “Matatag ang aking tulay.” May kompiyansa siya. Ngayon, kailangan na niyang subukin ito, dahil nakataya ang kanyang reputasyon. Walang duda, nakataya nga. At kung matatag nga iyon, iyon ay magiging isang bantayog.

121 Heto ang dahilan kung bakit alam kong ang makalumang, maka-Diyos, at tagos sa pusong kaligtasan ay matatag: ang reputasyon kasi ni Cristo ay nakasalalay roon. Hindi Niya tayo bibigyan ng isang bagay upang ipantayo ng isang Iglesya, hindi teolohiyang gawa-gawa ng tao, hindi sa kung anong karanasan mula sa mga paaralan, o magtayo ng isang seminaryo gaya ng gusto ng mga tao, kaninang umaga, upang pag-aralin ang mga mangangaral. Ang tunay na mangangaral ay nagmumula sa seminaryo ng biyaya ng Diyos, sa pagtawag ng Diyos, at ito’y subok na ng panahon. Tama ’yun. Matatag nga iyon. May

kompiyansa ang Diyos sa inyo. Mayroon tayong pagtitiwala sa Kanya. Ang tulay nga'y . . . Sabi nga ng matandang makata:

Nakakapit ang aking angkla sa loob ng tabing.
Sa tuwing malakas at sumisigwa ang hangin,
Nakakapit ang aking angkla sa loob ng tabing.

122 Hindi natin wari kung ano ang tumatangan, subalit may Isa ngang tumatangan. Siyanga. Nakaangkla ang tulay roon sa daungan. At may lubid ng kaligtasan na tumatangan sa puso ng isang tao, upang ang isang taong naipanganak na muli ay lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay. Lahat ng mga diyablong mula sa impiyerno ay walang kakayahang pag-alinlanganin siya rito. May Isang Bagay na tumatangan sa kaloob-looban. Hayaan n'yo siyang mauga! Hayaan n'yo siyang maliglig! Amen. Kakapit siya, sa tuwi-tuwina, dahil ito'y nakay Cristo Jesus na.

123 Pagkatapos ay sinabi ng naturang lalaki, "Hindi ko hihilingin kaninuman, kasi," sabi, "ako mismo, ang pupunta."

124 Pumaroon ang alkalde ng bayan at nagsabi, "Iho, tunay ngang may kompiyansa ako sa iyong tulay."

125 Sabi niya, "Kung may kompiyansa po kayo sa aking tulay, sumunod kayo sa akin. Buweno, subukin natin ito."

126 Sabi ng alkalde, "Naroroon ang kotse ko sa umagang iyon. Sasama ako sa iyo."

127 Tumawag ang kompanya ng tren at nagsabi, tumawag sa telepono at nagsabi, "Ginoo, may kompiyansa kami sa iyong tulay. Magpapadala kami ng . . . "

128 Sabi, "Kung may kompiyansa kayo sa tulay ko, maglabas kayo ng apat na bagon na punung-puno ng kargada, ilagay ninyo ang mga iyon sa tulay. Kung may kompiyansa nga kayo, sumunod kayo sa akin. Kung naniniwala kayong ito'y sinubok at pinatunayang matatag, naniniwala nga kayo rito, halikayo, sumama kayo sa akin."

129 At marami sa mga taong sumulat ng mga liham sa kanya, gustong masaksihan ang kanyang giting. Iyan ang hinahanap ng mga tao yaong mga taong may kagitingan, hindi isang pahina-hina't pahapay-hapay.

130 Kung sa akala n'yo ay makalalampas kayo, sa pagsisimba at pagsasabi ng "amen" magkaminsan, at pagbubunyi nang kaunti, paglilista ng inyong pangalan sa aklat ng pagdalo, 'tas babalik at mamumuhay na gaya ng Diyablo, pinatutunayan ng sarili ninyong mga gawa kung ano nga kayo. Pinatutunayan iyon ng inyong katangian. Subalit ang Diyos . . .

131 Nais ng sanlibutang makakita ng mga taong magigiting, yaong mga taong may taglay na kagitingan, na maninindigan, magsisilbing bantayog ng nagliligtas na biyaya ni Jesus Cristo. Tama 'yun.

132 Noong araw na bubuksan na ang tulay, yaong mga dating naroon ay nagsibalik, sabi, "Ihanda n'yo na. Ihanda n'yo na ang inyong mga kamera," sila ngang lahat, 'yung mga tagapag-balita ang sabi, "guguho na kasi ang tulay na iyan."

133 Lumakad 'yung kabataang lalaki doon sa tulay, inihanda na ang kanyang kotse, lumingon sa gawing likod, nakita niya roon ang mga bagon na nakahilera nang lahat, natanaw niya ang alkalde roon na kumakaway sa kanya. Tumingin siya at nakita niya ang laksa-laksang mga kataong nangakatayo roon sa likuran, na nakahanda nang sumama sa kanya sa pagmartsa. Sabi, "Patugtugin na ang banda." Kapatid, noong tumugtog na ang mga banda, umiihip na ang mga silbato, sumasaliw na ang mga trumpeta, ibig kong sabihin may nagaganap na matinding pagyanig doon. Subalit lumakad ang lalaking iyon mismo sa tulay na iyon, at hindi man lang iyon gumalaw. Bakit? Pinili niya kasing manguna, 'pagkat, kung babagsak man iyon, sasama siya rito.

134 At si Jesus Cristo ay nagbuhat pa nga sa Langit, sa Kaluwalhatian; mula sa Kaluwalhatian, pababa rito, upang magtayo ng isang Iglesya. At ang materyales na inilalagay Niya Rito, ay subok na ng panahong materyales. Lumapit ka man sa altar at ipagtapat ang iyong mga pagkakasala, subalit kung makakakita Siya ng mga butas sa'yo at kung anu-ano pa, kita n'yo, ang sanlibutan—ang sanlibutan ay naglagay kasi ng mga uod sa inyo, at kung ano-ano pa, at hindi kayo makatatayo. Kanyang pinunan ang mga bahagi mong may butas. Nais ng Diyos ang isang subok na ng panahong Iglesya; hindi ang isang Cristiano ngayon at pagkatapos tatalikod sa pananampalataya kinabukas-bukasan, labas-masok, at akyat-panaog. Hindi ka Niya n'yan mailalagay saanman.

135 Subalit may isang Iglesya Siyang subok na, dumaan na sa mga pagsubok, sa mga kawalan, sa mga karamdaman, sa kalungkutan, sa kamatayan, at nakatayo pa ring may taglay na patotoo. Iyan ang tao, oo, iyan na nga ang taong hinahanap Niya. Hindi ko alintana kung kayo man ay pulubi. Hindi ko alintana kung kayo man ay nanlilimos. Hindi ko alintana kung kayo man ay namumulot para may makain. Ano pa man kayo, inilalagay ng Diyos ang pagsubok sa inyo. Naghahanap Siya ng subok na ng panahong materyales. Naniniwala akong, isa sa mga araw na ito kapag ang dakilang Iglesyang iyon . . .

136 Sa panahong, sasabihin ng siyensiya, "Papaano kayong makakawala? Pinananatili kayo rito ng hatak ng lupa."

137 Ako nga'y lubos na napupuspos sa mga oras na ito. Hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo. [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang anim na beses—Pat.] Lilitaw ang subok na ng panahong Iglesyang iyon balang araw. [Kinatok nang minsan pa ang pulpito at saka ipinalakpak ang mga kamay nang minsan.]

Maaaring kalahati sa kanila'y natutulog sa alabok ng lupa. Hindi ko alam kung saan sila naroroon ngayon, subalit sinubok nang lubos ng Diyos ang Kanyang materyales. Isang araw Siya ay darating upang manguna. At sa wakas, tatagos na nga roon sa mga papawirin at mga alapaap, at sa mga kataas-taasan at sa mga karuruk-rurukan, patungo roon sa Presensya ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, paroroon Siya kasama ang isang subok na ng panahong Iglesya na tumatayong bantayog ng Kanyang biyaya. Iyon nga'y isang bantayog na kaloob sa Kanya ng Diyos.

138 "Walang taong makalalapit sa Akin maliban na ilapit muna siya ng Aking Ama." At bawat tao na lumalapit kay Cristo ay isang kaloob ng pag-ibig na nagmumula sa Diyos, at sinusubok siya ni Cristo. At kung maipapasa niya ang naturang pagsubok, ilalagay na Niya siya sa tulay, hihigpitan ang kapit niya, ilalaan sa kanya ang isang lugar, at ilalagak siya roon, na mayroon nang kasiguraduhang matatag siyang mananatili roon hanggang sa dulo. Amen. Subok na ng panahong materyales!

139 "Sa ibabaw ng Batong ito," hindi sa ibabaw ng kung anong bato ng panatisismo, hindi sa ibabaw ng santambak na emosyon, hindi sa ibabaw ng santambak na teolohiya ng iglesya, hindi sa ibabaw ng kung anong denominasyon. Kundi, "Sa ibabaw ng matatag na Batong ito," sa Salita ni Cristo, "Itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa Kanya." Ito'y tatayo roon.

140 Ito'y magiging bantayog ng Kanyang biyaya, sa harapan ng mga Anghel. Noong tinanong Siya ng mga Anghel, isang araw, "Bakit Ka paroroon sa lupa?" Siya'y babalik at ihaharap ang Iglesyang iyon nang walang kapintasan, walang bahid, walang kulubot. Hayan ang materyales. Hayan na nga iyon. Ang Kanyang reputasyon. Kinakailangan nga Niyang gawin ito. Kinakailangang itayo ng naturang tagapagtayo ng tulay ang tulay; kinakailangan niyang gawin iyon, kundi ay mawawalan siya ng reputasyon. Magtatayo ng isang Iglesya si Cristo, at kinakailangan Niyang gawin iyon. Sapagkat, naparito Siya sa lupa at nagkatawang-tao, at tumahan sa gitna natin; at inaring may sala, upang tayo ay maging matuwid. Siya ay naging tayo, upang tayo, sa Kanyang biyaya, ay maging Siya. Dumating Siya upang humalili sa ating lugar, bilang isang makasalanan; upang mapasaatin ang Kanyang lugar, bilang mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos, sa Presensya ng Kanyang Kamahalan. Sadyang kamangha-mangha talaga ang biyaya ng Diyos!

141 Paano natin masasabing, "Hindi tama ang Mga Salitang iyan"? Ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, ngunit ang Mga Salitang iyan ay hindi kailanman lilipas.

142 Isang munting batang lalaking Indian na bulag, ilang gabi na ang nakararaan, bulag na mula noong tatlo—tatlo o apat na linggo pa lang ang gulang, siya'y nakakakita na, nang normal, at nakalakad na nga mag-isa pababa ng entablado. Ano iyon? Iyon ay isang subok na ng panahong bantayog ng Kapangyarihan at biyaya ni Jesus Cristo. Purihin ang Kanyang banal na Pangalan!

143 Subok na ng panahon! Mga pagsubok, mga kahirapan, mga pagliliglig, at mga paghatak, upang lalo pang makita ang mga diperensya sa inyo, para makita kung mayroon ka man nun. Iyan nga ang Diyos na nililiglig kayo at sinusubok kayo.

144 Ilang panahon na rin ang nakararaan, ang dakilang Caesar Augusta, matapos ang isang matinding labanan na napabantog, at kanyang nalasap ang isang dakilang tagumpay. Siya'y. . . Ipinagdiwang siya ng mga tao ng isang pagpupugay sa Roma. At sinabi niya sa kanila, "Gusto kong makasakay ang isang tao, isang taong karapat-dapat, na sumakay sa tabi ko habang ginagawad sa akin ito." Sabi, "Gusto kong makasalo ang isang tao sa mga pagpapalang ito." At ang lahat ng mga. . . Kumalat na nga ang balitang iyon sa mga kampamento. Nagkukumahog ang lahat ng mga opisyal na pantayin ang tabas ng mga balahibo ng ibon sa kanilang mga uniporme, at pakintabin ang kanilang mga tabak, at pakinangin nang husto ang kanilang mga baluti, at ang iba pa, at sila'y nag-ensayong tumayo nang tuwid, at sumaludo nang may pinagpipitaganan sa kanilang hari, at kung anu-ano pa.

145 At humayo na ang bawat isa, suot ang kanilang malalaking baluti sa harapan ng hari, habang nakaupo ang hari roon sa kanyang trono, nagmamasid-masid. At may lumapit na roon, isang opisyal suot-suot ang kanyang malalaki't, magagandang balahibo ng ibon, talagang plantsado't pantay na pantay ang tabas hanggang dulo, tumayo ang opisyal doon at sumaludo. Umiling si Caesar; lumakad na ang opisyal. Lumapit ang isa pa, sumaludo. Umiling si Ceasar; at lumakad na 'yung sundalo. Ganoon nang ganoon, pagkatapos nung isang sundalo 'yung isa naman.

146 Sa wakas, doon sa hulihan ng linya, ay lumapit ang isang abang kawal na may pinakamababang ranggo. Wala siyang anumang kalasag para pakintabin, ni wala siyang balahibo ng ibon para pantayin ang tabas. Subalit lumakad pa rin siya sa harapan ni Caesar. Ni hindi man lang niya alam ang tamang pagsaludo, kaya nga't iniyuko na lamang niya ang kanyang ulo at lumakad na palayo.

147 Sabi ni Caesar, "Sandali lang. Sino ka? Bumalik ka rito." Lumapit siya roon. Tiningnan niya ang sundalo. May mga pilat sa kanyang mukha, at mga sugat, at pinapangit na nga nito ang kanyang itsura, at pipilay-pilay pa siya. Sabi sa kanya, "Saan mo nakuha ang mga pilat na 'yan?"

Sumagot siya, “Doon po sa labanan, habang lumalaban ako para sa aking panginoong, Caesar.”

148 Sabi, “Pumanhik ka rito at maupo sa aking tabi. Ikaw ang siyang subok na at napatunayang karapat-dapat.”

149 Kapatid, hindi na ito panahon ng pagtatabas ng mga balahibo ng ibon, hindi na ito panahon ng mga paaralan. Ito ang oras ng pagsubok ng panahon. Ito’y panahon kung kailan sinusubok ng Diyos ang Kanyang Iglesya para makita ang mga pilat ng pakikipagbaka sa mga masasalimuot na pagsubok, at mga pakikipaglaban, at mga pakikidigma. Iyan na nga mismo ang sasakay sa Kanyang tabi.

150 Kung papaanong nasubok si Eliseo at napatunayang karapat-dapat, bago niya maisuot ang balabal ng isang propeta! Kung papaanong sinukbit ni Eliseo ang balabal na iyon sa kanyang balikat! Kung papaanong siya na marahil ang tamang tao! Pinagmasdan siya ni Eliseo roon sa bukid, noong siya ay nag-aararo. Sinabi ng Diyos, “Hayan na ang lalaki. Hayan na ang lalaking makapagsusuot ng kasuotan na ’yan. Hayan na ang lalaking makapagsusuot ng balabal na ’yan. Siya ang maaaring humalili sa iyo.”

151 Purihin ang Pangalan ng Panginoon! Sadyang gumagala sa palibot ng ibabaw ng lupa ang Kanyang matang nakakakita ng lahat, sinusubukang makasumpong ng isang taong makapagsusuot ng balabal na iyon na Kanyang tinutukoy. “Maiinom mo ba ang saro na Aking iniinom? Makapagbabautismo ka ba sa Aking bautismo? Kaya mo,” sinabi Niya roon.

152 Kaya nga naman, tayo, sa panahong ito, bilang ang Iglesya, kinakailangan ninyong isuot ang balabal ni Cristo; ang buong baluti ni Cristo, ang buong kalasag at sinturon, at ang baluti, upang makatayo tayo roon na walang pagkakasala sa Araw na iyon. Naghahanap Siya ng mga subok na ng panahong mga bantayog, upang masasabi Niyang, “Heto ang Aking lingkod. Sinubok Ko na siya. Napatunayan Ko nang karapat-dapat siya. Idinaan Ko na siya sa pagsubok, gaya ni Job. Sandaang porsyentong napatunayang siya pa rin ay karapat-dapat.” Nawa’y mahabag ang Diyos sa atin, upang ating masampalatayanan ang Diyos sa Kanyang Salita, at maging subok na ng panahong mga bantayog.

Tayo ay manalangin.

153 Mapagpalang Ama, pinasasalamatan Ka po namin, Kataas-taasang Diyos, mula sa kaibuturan ng aming mga puso, para rito sa pagsubok ng panahon, sa bawat paghihirap. Hindi po namin ikinasasama ng loob ang mga ito, Panginoon, bagkus kami’y nagpapasalamat pa na sapat ang Iyong biyaya upang tulungan kami sa mga matitinding panahong ito ng pagsubok.

154 Gaya nung lalaki, ngayong gabi, kung papaanong napuspos ng galak ang mga taong naririto, noong mabanggit niya, ang *"Kamangha-manghang Biyaya,"* at nung makarating na nga tayo roon sa talatang iyon.

> Sa maraming panganib, pagpapagal at patibong sa daan,
> Lahat ng mga iyan ay akin na ngang napagtagumpayan;
> Sapagkat biyaya ang siyang nagdala sa akin sa kaligtasan,
> Biyaya rin ang patuloy na magdadala sa akin sa walang hanggan.

155 Oh, pinuspos nga niyan ng kagalakan ang puso ng mga tao! Naniniwala tayong nakalinya iyon sa Mensahe natin ngayong gabi, na panahon nga ng pagsubok, sa panganib, pagpapagal at patibong sa daan. Iyan ay para matulungan ang Cristiano, siya na nakapagsiyasat na sa kanyang sarili at nababatid na siya'y nakapanindigang matapat, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Iyan nga'y para ipahiya yaong mga nasa pagbagsak, at hilaw ang pananampalataya, at walang pagpapahalaga, at pahapay-hapay ang pamumuhay. O Diyos, ni wala man lang maipakitang pilat ng pakikipagbaka sa labanan. Dalangin po namin ngayong gabi, Panginoon, na Iyong pakabanalin ang Iglesya, sa pamamagitan ng Iyong dakilang banal na Dugo, at alisin ang lahat ng mga kapintasan, at ayusin ang lahat ng mga mahuhunang bahagi, at—at ang lahat ng mga palyadong turnilyo. Ipadaan Mo po muli ang mga iyon sa makinarya, upang—upang makumpuni muli ang mga iyon, Panginoon, at—at maging kapaki-pakinabang na materyal. O Walang Hanggan at mapagpalang Ama, dinggin Mo po ang panalangin ng Iyong lingkod.

At habang nakayuko ang ating mga ulo.

156 Kung mayroon mang ganoong tao na naririto ngayong gabi, na pakiramdam ninyong tila ba ang Diyos, sa panahong ito ng mga pagsubok, ay hindi kayo nasumpungang matapat sa inyong itinakdang tungkulin. Sa tuwing nagkakaroon ba ng mga pagtatalo-talo, basta na lamang ba kayo sumasali roon at nakikibahagi sa mga iyon? Sa tuwing nagkakaroon ba ng mga alitan, sa tuwing may namumuong salungatan, sa tuwing nagkaroon ng pagkabaha-bahagi sa iglesya, pumapanig ba kayo sa ilang mga pangkat at mga grupo-grupo, at kung ano pang mga kagaya nito? Nakikinig ba kayo sa mga bulung-bulungan sa mga lansangan at sa pali-paligid? Kung nagawa ninyo ang mga bagay na ito, napasukan kayo ng mga hangin ng Diyablo, halikayo't bumalik tayo roon sa hurnong panunaw, ngayong gabi, at magpatunaw muli, nang sa gayon ay lumabas tayong wala na ang mga iyon sa atin. Hayaang ikabit tayo ng Diyos at ihanda tayo para roon sa dakilang Tulay na gaganap sa Kanyang

Pag-agaw. Kung may ganoon ngang tao na naririto, at nagnanais na maalala!

157 Sinasabi n'yo, "Kapatid na Branham, papaano ko malalaman kung ang walang kamatayan, at Walang Hanggang bantayog na ito ay makatatayo?"

158 Uulitin ko sa inyo ang Kanyang Salita, sabi sa Juan 5:24. "Ang dumirinig ng Aking Salita." (Hindi "Pumapasok sa Aking paaralan.") "Ang dumirinig ng Aking Mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan, at hindi na paroroon sa paghatol; kundi lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay."

159 Naririnig n'yo ba ang Kanyang Salita na tumatawag sa inyo, ngayong gabi? Kung naririnig n'yo, at nais ninyong maalala sa panalangin, maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay. Sabihin n'yo, "Kapatid na Branham, idalangin mo po ako. Nais ko pong maging tamang uri ng materyales, na sa panahong kukunin na ni Cristo ang Kanyang Iglesya, hindi ako..." Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. "Hindi ako maliliglig dito, ilalagay Niya ako mismo sa Iglesya." Pagpalain ka ng Diyos, kabataang lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. "Nais kong maging..." Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. "Nais ko pong maging tamang uri ng materyales." Pagpalain ka ng Diyos, munting anak diyan sa likod. Pagpalain ka ng Diyos sa dakong 'yan, mahal kong kapatid na lalaki. "Nais ko pong ako'y masumpungan bilang tunay na materyales. Nais ko pong maipatotoo itong pag-asang sumasaakin; ito ngang pag-asang ito!" Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Mainam 'yan. Tama 'yan.

"Ano nga ba ang nagagawa nito, Kapatid na Branham, itong pagtaas ko ng kamay?"

160 Lumilipat kayo mula sa kamatayan patungo sa Buhay. Iyan ang ginagawa ninyo. Binabali ninyo ang bawat batas ng hatak ng mundo, sa pagtaas ninyo ng kamay. Kita n'yo, kung kayo'y mga estatwang nangakaupo riyan, hindi ninyo maitataas ang inyong kamay. Hindi n'yo 'to magagawa. Subalit ipinapakita lang niyan na may espiritu sa inyo, isang espiritu, at narinig na ng espiritung iyan ang Espiritu ng Diyos na nakikipag-usap sa inyo. At ang espiritung iyan na nasa inyo ay nakapagpasya na rin, kaya nga't sinasalungat nito ang siyensiya. Sinasalungat nito ang hatak ng mundo. Tumataas nga ito, ipinapakitang may espiritu na nasa inyo, na nagpapataas ng inyong kamay. Kung kayo'y patay, hindi n'yo 'to magagawa, subalit kayo nga'y lumipat na sa Buhay. May Bagay ngang naganap.

161 Kung kayo'y nananatiling mga patay dahil sa kasalanan at pagsalangsang, hindi makapangungusap sa inyo ang Diyos, mananatiling nakababa lang ang inyong kamay. Kung kayo'y hindi na nananatiling mga patay dahil sa kasalanan at

pagsalangsang, at nakapangungusap na sa inyo ang Diyos, at nakatanggap na kayo ng Buhay, tiyak itataas n'yo ang inyong kamay. Kita n'yo, ipinapakita lamang nito na nakapagpasya na nga ang Buhay, na inyo nang tinanggap si Cristo. "Lumipat na kayo mula sa kamatayan patungo sa Buhay," kung tunay ngang taos-puso iyon sa inyo.

162 Gawin n'yo ngang taos-puso iyon sa inyo ngayon din, habang itinataas ninyo ang inyong kamay. Sabihin n'yo, "Diyos, mahabag Ka po sa akin, hubugin Mo ako kung ano ang nilayon Mo para sa akin. At paglilingkuran Kita nang buong buhay ko. Nais ko pong ako'y masumpungang nakahanda sa araw na iyon." Sumaiyo ang pagpapala, mahal kong kapatid diyan sa likuran. Pagpalain ka ng Diyos, iho. Pagpalain ka ng Diyos kapa-. . . Sumaiyo nawa ang Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, iha. Buweno, may iba pa ba. Pagpalain ka, Kapatid na Roy, at sumaiyo nawa ang Panginoon. Oo. "Panginoon, masumpungan Mo nawa akong karapat-dapat. Masumpungan Mo nawa akong karapat-dapat." Pagpalain ka ng Diyos, kapatid ko riyan sa likod. Tunay ngang, nakikita ka ng Diyos. Magalak ka. May iba pa bang may nais na maalala sa panalangin ngayon? "Ipaalam n'yo. . . " Buweno. Tayo'y. . .

*Subok Na Ng Panahong Mga Bantayog Ng Diyos* TAG57-0818
(Time-Tested Memorials Of God)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Agosto 18, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2015 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org